

Sayko-Edukasyon para sa mga Pasiyente at sa Miyembro ng Pamilya

Sesyon 12: Opioids at Club Drugs

The Importance of Total Abstinence

- Ang “abstinence” sa droga o kemikal na nakakaapekto sa utak – maging alak at Marijuana ay lubos na nakakapagpataas ng posibilidad na maging matagumpay ang Recovery

Mga Tanong:

- *Ano ang alam mo tungkol sa opioids?*
- *Ano ang alam mo tungkol sa heroin?*

Ano ang mga Opioids?

- Mga halimbawa ng opioids ay:
 - Heroin (natural na opioid)
 - Morphine (natural na opioid)
 - Meperidine (processed opioid)
 - Oxycodone (processed opioid)
- Ang opioids ay grupo ng mga droga na ang aksyon ay sa “opioid receptors” sa utak.
- Ang opioids ay mabisang panggagamot or pangtanggal ng kirot o “pain” at naiibsan ang pagkabalisa dulot ng kirot o “pain”
- Ang opioids dahil nagdudulot ito ng pakiramdam na sobrang saya (“rush”).

Mga Epekto ng Opioids sa Katawan

- Ang paggamit o pagkonsumo ng opioids ay nagdudulot ng
 - Pagliit ng *pupil*
 - Pamumula ng balat
 - Mabigat na pakiramdam sa mga binti't braso
- Ang “rush” ay sinusundan ng pagkahilo, pagkaantok na tumatagal nang ilang oras.
- Ang paghinga at ang pulso ay bumabagal sa sandaling ito.

Tanong:

- *Ano ang 'tolerance' sa droga?*

Opioids at Tolerance

- Pataas ng pataas na pagkunsumo ang kailangan para makamit ang gusting epekto ng Opioids. Ito ay tinatawag na “Tolerance”.
- Sa kalaunan, ang drogang ito ay kinokonsumo para lamang maiwasan ang withdrawal, hindi na para makaramdam ng ‘tama’ o high.

Tanong:

- *Ano ang “Pagkasugapa/dependence” at “pagkalulong” o “addiction” sa mga droga? Paano ito nagkakaiba?*

Pagkasugapa “dependence” at Pagkalulong o “addiction” sa Opioids

- Ang paulit-ulit na paggamit ng Opioids ay humahantong sa pagkasugapa/dependence at pagkalulong o addiction.
- Ang “pagkasugapa/dependence” ay sanhi o pinagmumulan ng withdrawal symptoms kapag itinigil ang paggamit ng droga.
- Ang “pagkalulong” ay nilalarawan ng “cravings”/giyang sa droga at di mapigilang paggamit nito sa kabila ng mga pinsalang dulot nito.
- Ang mga taong gumagamit ng opioids na nireseta upang maibsan ang sakit/”pain” ay maaaring maging sugapa ngunit bihirang naaadik

***Withdrawal* mula sa Opioids**

- Ang *withdrawal* ay nagaganap kapag ang taong sugapa sa opioids ay biglaang tumigil
- Mga sintomas ng *withdrawal*: Matinding pananakit ng kalamnan at buto, hirap sa pagtulog, pagtatae, pagsusuka at panlalamig.
- Ang *withdrawal* ay tinatayang umaabot nang hanggang isang linggo.
- Ang withdrawal mula sa mga opioids ay maaaring makamamatay, ngunit bihira ang kamatayan sa mga malulusog na adults.

Pag-abuso sa Niresetang Opioids

Ang mga nangungunang niresetang opioids na inaabuso ng mga tao ay:

- Morphine
- Meperidine
- Nalbuphine (Nubain)

Heroin

- Ang Heroin ay kulay puti na pulbos.
- Madalas nitong kahalo ang ibang sangkap (asukal at arina) at maging ang lason na (strychnine).
- Madalas itong hinihithit, nilalanghap, o tinuturok.
- Nagsisimula sa paghithit at paglanghap na madalas ay humahantong sa pagtuturok ng droga.

Heroin

Mga Panganib

- Ang hindi mapigilang pagnanais na bumili at gumamit ng Heroin ay humahantong sa kapabayaang ng tao sa mga aspeto ng kanyang buhay.
- Ang kapabayaang ito ay humahantong sa pagbaba ng timbang, pagkakasakit, problema sa pera, mga kriminal na gawain, at problema sa tahanan at pamilya.
- Ang labis na paggamit o “Overdose” ay ang madalas na pinagmumulan ng panganib na dulot ng Heroin.

Heroin

Panganib na Sakit

- Ang pagtuturok ng droga ay isa sa mga dahilan ng pagkakaroon ng sakit na HIV at ng Hepatitis C.
- Ang pagtuturok ng heroin ay humahantong sa:
 - Pagkasira ng mga ugat
 - Pagbabara sa daluyan ng dugo
 - Impeksyon sa puso at daluyan ng dugo
 - Pulmonya
 - Tuberculosis
 - Sakit sa atay o bato

Tanong:

- *Ano ang alam mo tungkol sa mga “Club Drugs”?*

Ano-ano ang mga Club Drugs?

- Kasama sa *club drugs* ay ang mga drogang ginagamit sa inuman at mga kasiyahan, lalo na ng mga estudyante sa sekondarya at kolehiyo.
- Halimbawa ng club drugs ay ang:
 - MDMA (“Ectasy”)
 - LSD
 - Ketamine
 - GHB
 - Rohypnol
- Maraming tao ang may maling paniniwala na ang mga club drugs ay ligtas gamitin.

MDMA o “Ecstasy”

- Ang Ecstasy ay nagdudulot ng pagbilis ng tibok ng puso at presyon ng dugo, pagkahilo, kawalan ng ganang kumain at pagngingitngit ng ngipin.
- Ang Ecstasy ay nagdudulot din ng pagtaas ng enerhiya, pagnanais ng biswal na estimulasyon at mataas na kamalayan at pagtugon sa impormasyon ng pandama.
- Pagkaraan ng unang ragasa, nakararanas ng kalmado, at positibong pakiramdam na tumatagal nang 3-6 oras
- Pinapataas ng Ecstasy ang temperatura ng katawan sa peligrosong lebel (42 degrees C).
- Pinapatay ng Ecstasy ang mga “nerve cells” sa utak ng isang tao.
- Ipinakikita ng mga pag-aaral sa mga hayop na ang pinsala ay tinatayang nagtatagal at hindi nagagamot sa loob ng 7 taon.